Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 17 HUNYO 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

- -

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Satioes
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo O. Villamin - ABC President

Absent:

Kagawad Ranulfo C. Bernal

- -

KAPASYAHAN BLG. 056
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA LAND MANAGEMENT BUREAU NG DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES NA MADALIIN ANG PAGLALAGAY NG MGA POLITICAL BOUNDARIES SA MGA BARANGAY SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T mapakahalaga sa nasasakupan ng isang pamahalaang lokal - barangay, bayan, lalawigan o siyudad man ang pagkakaroon ng isang malinaw, tiyak at wastong hangganan ng mga lugal;

SAPAGKA'Tang bayan ng Roxas ay nasukat na ng katastro (cadastral survey) subali't ang mga batong panulukan ay hindi nailagay sa dapat kalagyan;

SAPAGKA'T sa ganitong sitwasyon ang sinusunod pa ring hangganan ay ang dating kalagayan na bunga nito'y nagkakaroon ng kaguluhan sa maraming kaparaanan: pagbubuwis ng mga tao, pagsasagawa ng kanilang mga karapatang pampulitika, pakikibahagi sa mga proyektong pangkaunlaran, pamamahagi ng resorses at iba pa;

SAPAGKA'T kinakailangang sa madaling panahon ay maisaayos ang mga hangganang pampulitika ng mga barangay ng Roxas, Silangang Mindoro upang maging madali, legal at naaayon sa batas ang mga gawaing isinasagawa at pinagkakaabalahan ng mga taong naninirahan sa bara-barangay ng bayang ito;

SAPAGKA'T napagkaisahan ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno sa pamahalaang lokal ng bayang ito na ipaabot sa kinauukulan at dito'y sa Kawanihan ng Pangangasiwa ng mga Lupain (Land Management Bureau) ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan (DENR) ang kahilingang maagap na paglalagay ng mga hangganang pampulitika (political boundaries) ng mga barangay ng Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na pinangalawahan nina Kagawad Angeles D. Bautista at Kagawad Jesus S. Dela Cruz -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Land Management Bureau ang madaliang paglalagay ng mga Political Boundaries sa mga barangay ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Regional Technical Director, Land Management Services, Island Lands, DENR, Manila sa pamamagitan ni Kgg. Antonio C. Alimario, Chief, Land Management Division para sa kanilang masusing pag-aaral at maagap na pag-aksyon.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Sangguniang Panlalawigan at ang PENRO, Calapan, Silangang Mindoro gayundin ang CENRO, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang suporta sa kahilingang ito.

Pinagtibay: 17 Hunyo

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

mars/
062096